Social Security

# Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Kabataan

www.socialsecurity.gov

# Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Kabataan

Kapag nagka-anak ka na, isa sa mga bagay na dapat nasa listahan ng «gagawin» mo ay ang kumuha ng numero ng Social Security para sa iyong sanggol. Magagawa mo lang ito ng napakadali ay habang nagbibigay ka ng kaalaman para sa katibayan ng kapanganakan ng iyong anak. Kung ikaw ay maghihintay bago mag-apply ng numero sa tanggapan ng Social Security, maaari itong magtagal habang sinisiyasat namin ang katibayan ng kapanganakan ng bata.

## Bakit ko kailangang kumuha ng numero para sa aking anak?

Kailangan mo ng numero ng Social Security upang maangkin mo bilang isang sustentado (dependent) sa iyong income tax return. Ang iyong anak ay maaari ring kailanganin ang numero kung ikaw ay mayroong balak na:

- Mag-bukas ng account sa bangko para sa bata;
- Bumili ng mga savings bond para sa bata;
- Makakuha ng pang-gamutang panaklob para sa bata; o
- Mag-apply para sa mga paglilingkod ng pamahalaan para sa bata.

## Nararapat ba na may numero ng Social Security ang anak ko?

Hindi naman. Kusang loob ang pagkuha ng numero ng Social Security para sa bagong silang mong anak. Ganoon pa man, mabuting kaisipan na rin ang kumuha ng numero kapag

nakapag-silang ka na. Maaari kang mag-apply para sa numero ng anak mo kapag nag-apply ka ng katibayan ng kanyang kapanganakan. Ang kaalaman tungkol sa anak mo ay ipagkaka-loob sa amin ng sangay ng state na nag-bigay ng katibayan ng kapanganakan at ipapadala na lang namin sa iyo ang tarheta ng Social Security.

Kung ikaw ay maghi-hintay na mag-apply na lang sa tanggapan ng Social Security, ka-kailanganin mo kaming pagka-looban ng katunayang nagpapatibay ng kanyang pagka-mamamayan ng U.S., edad, pagka-kakilanlan, at ang katunayan na rin ng iyong pagka-kakilanlan. Kailangan naming suriin ang talaan ng katibayan ng kapanganakan ng anak mo na maaaring magtagal sa mga labing dalawang 12 linggong panahon para ipagkaloob namin ang tarheta. Upang masuri ang katibayan ng kapanganakan, ang Social Security ay maki-kipag-alam sa sino mang tanggapan na nag-bigay nito. Ginagawa namin ang pagpapatunay na ito upang maiwasan ang pag-gamit ng ibang mga tao na dayain ang talaan ng kapanganakan para makakuha ng mga numero ng Social Security upang magkapag-tatag ng mga maling pagkaka-kilanlan.

## Papaano ako mag-a-apply?

Sa ospital: Kapag nag-bigay ka ng kaalaman para sa katibayan ng kapanganakan ng anak mo, ikaw ay tatanungin kung nais mong mag-apply para sa numero ng Social Security ng bata. Kung sumagot ka ng «oo», ka-kailanganin mong mag-kaloob ng mga numero ng Social

Security ng kanyang mga magulang kung maaari. Kahit na hindi mo alam ang mga numero ng Social Security ng ng magka-parehong magulang, ikaw ay maaari pa ring mag-apply ng numero para sa anak mo.

Sa tanggapan ng Social Security: Kung ikaw ay maghi-hintay bago ka mag-apply para sa numero ng iyong anak, dapat mong:

- Buuin ang *Aplikasyon Para Sa Tarheta Ng Social Security* (Form SS-5-TL); at
- Ipakita sa amin ang mga orihinal na kasulatan na nagpapatunay ng:
  - —Pagka-mamamayan ng U.S. ng anak mo;
  - —Edad; at
  - —Pagka-kakilanlan.
- Pagkalooban mo kami ng mga orihinal na kasulatan na nagpapatunay naman ng iyong pagka-kakilanlan.

***TANDAAN:*** *Sa ilang mga pook o lokalidad, ang tanggapan ng koreo (post office) ay hindi ihahatid ang tarheta ng iyong anak maliban lamang kung ang pangalan ng iyong anak ay nasa mailbox.*

Mga batang nasa 12 edad o mas matanda: Ang sinumang nasa edad 12 o mas matanda pa na humihiling ng isang orihinal na numero ng Social Security ay dapat magpakita para sa isang panayam o interview sa tanggapan ng Social Security, kahit na kung ang isang magulang o tagapag-alaga ay lumagda sa aplikasyon sa ngalan ng bata.

## Ang pagka-mamamayan

Tatanggapin lang namin ang mga ilang tiyak na katibayan bilang katunayan ng pagiging mamamayan ng U.S. Kabilang dito ang katibayan ng kapanganakan sa U.S., pag-uulat ng kapanganakan mula sa konsul ng U.S., pasaporte ng U.S., katibayang nagpapatunay na ikaw ay Naturalisado na, o katibayan ng Pagka-mamamayan. Para sa karagdagang kaalaman, ang mga hindi mamamayan ay kailangang tunghayan ang *Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publication No. 05-10096-TL).

## Edad

Kailangan mong ipakita ang iyong sertipiko ng kapanganakan. (Kung mayroon, kailangan mong ipakita ito).Kung hindi isa ay umiiral, maaari naming tanggapin ang:

- Talaan ng ospital sa US ng iyong kapanganakan (na ginawa sa mismong oras ng kapanganakan)
- Talaan sa simbahan na itinatag bago and edad lima na nagpapakita ng iyong edad o petsa ng kapanganakan
- Pasaporte
- US immigration dokumento

## Pagka-kakilanlan

Ang iyong anak: Tatanggapin lang namin ang ilang tiyak na katibayan bilang katunayan ng pagka-kakilanlan ng anak mo. Ang

papayagan naming katibayan ay dapat pang-kasalukuyan (hindi expired) na nakikita ang pangalan niya, makapag-tuturo ng kaalamang nauukol sa kanya at kung maaari, mas gugustuhin namin ang kama-kailan lang na kaku-kuhang larawan niya. Karaniwang tinatanggap na rin namin ang kawalan ng larawan ng pagka-kakilanlan ng kasulatan kung ito ay may sapat na kaalaman para makilala ang iyong anak (tulad halimbawa ng kanyang pangalan, at edad, petsa ng kapanganakan o pangalan ng kanyang mga magulang). Mas gugustuhin pa rin naming makita ang kanyang pasaporte ng U.S. Kung wala kang makukuha sa mga kasulatang ito para sa bata, maaari na rin naming tanggapin ang mga sumusunod :

- Kautusan ng kanyang pag-aampon;
- Talaan ng doktor, klinika o ospital;
- Pang-relihiyong talaan (e.g., talaan ng pagbi-binyag);
- Talaan na galing sa paaralan o sa Sangay ng pang-araw na panga-ngalaga (Daycare center); o
- ID ng paaralan. (Ang iyong anak ay maaaring kailanganing magpakita kung ang larawan sa ID, tulad ng ID ng estudyante, ay ipinakita bilang isang katibayan ng pagkakakilanlan.)

Ikaw: Kung mamamayan ka ng U.S., ang Social Security ay magtatanong na makita ang lisensiya ng pagmamaneho mo sa U.S., tarheta ng pagka-kakilanlan na hindi maaaring



(kabila)

gamitin para mag-maneho na ipinag-kaloob ng state o pasaporte ng U.S. bilang katunayan ng pagka-kakilanlan, kung wala ka naman ng hinihiling naming detalyadong katibayang ito, tatanungin ka muli namin para makita ang iba pang katibayang mayroon ka tulad ng:

- Tarheta ng pagka-kakilanlan bilang kawani;
- Pang-paaralang tarheta para sa pagka-kakilanlan;
- Katibayan ng naganap na kasalan;
- Tarhetang nagmula sa health insurance (hindi ang tarheta ng Medicare);
- Tarheta ng pagka-kakilanlan na galing sa military ng U.S.; o
- Life insurance policy (patakarang kaseguraduhan ng buhay).

***Ang lahat ng mga katibayan ay ka-kailanganing dapat orihinal o pagpa-patunay na kopya galing sa tagapag-alaga ng mga talaan. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopies o ipina-notaryong kopya ng mga katibayan.*** Maaari namang ang isang katibayan ay magamit namin ng pang-dalawahang layunin. Ang halimbawa nito ay, ang pasaporte ng anak mo na parang katunayan ng kanyang pagka-mamamayan at pagka-kakilanlan. O, maari ring gamitin ang katibayan ng kanyang kapanganakan para sa katunayan ng kanyang edad at pagka-mamamayan. ***Ganoon pa man, dapat kang mag-bigay ng humigit kumulang dalawang magka-bukod na katibayan.***

Ipapadala namin ang tarheta at numero ng anak mo kapag napasa-kamay na namin ang lahat ng aming ka-kailanganin at napag-tanto naming tunay ang mga katibayang nagmula

galing sa iyo sa kadahilanang pagpa-patunay na rin ng tanggapang nag-bigay sa iyo ng mga katibayan.

## Papaano kung inampon ko ang aking anak?

Maaari kaming mag-talaga ng numero ng Social Security para sa inampon mong anak bago pa man matapos ang pag-aampon, subalit baka ma-mabutihin mo pang mag-hintay. Tapos nito, maari kang mag-apply para sa numero na gamit ang bagong pangalan ng bata. Kung ninanais mong angkinin ang anak mo para sa pang-buwis na layunin habang hindi pa natatapos ang pag-aampon, makipag-bigay alam ka sa Internal Revenue Service (IRS) para sa Form W-7A, *Aplikasyon para sa Numero ng Pagkakakilanlan ng Nagbabayad ng Buwis para sa mga Nakapintong Pag-aampon sa U.S. (Application for Taxpayer Identification Number for Pending U.S. Adoptions)*.

## Magkano ang halaga nito?

Hindi kami naniningil ng kabayaran sa tarheta at numero ng Social Security. Kung may maki-kipag alam sa iyo at gusto kang pagbayarin para maka-kuha ng tarheta at numero, o para sa ano pa mang paglilingkod na ginagawa ng Social Security, paka-alalahanin lang na ang mga tulong na ito ay libre at walang bayad. Mag-ulat sa tanggapan ng Inspector General sa kanilang hotline sa **1-800-269-0271** kung may sino mang magta-tangkang maningil sa iyo.

## Papaano kung ang tarheta ay naiwala ko?

Maka-kakuha ka ng libreng kapalit ng tarheta ng Social Security kung ito ay nawala o ninakaw. Ganoon pa man sa loob ng isang taon ang mga kapalit na makukuha mo ay hanggang sa tatlo lang o 10 habang nabubuhay ka. Hindi kabilang sa mga hangganang ito ang mga pang-batasang pagpa-palit ng pangalan at iba pang itinatanging kaganapan. Ang halimbawa para sa mga pagbabago na hindi mapapabilang ay ang katayuan ng hindi pagka-mamamayan ng anak mo na nanga-ngailangan ng pagbabago sa tarheta, bukod pa rito, ikaw ay maaaring hindi maapektuhan ng pagbabago kung mapapatunayan mong kailangan mo ang tarheta para mahadlangan ang maka-hulugang paghihirap.

Iminumungkahi lang namin na iyo na itago ang tarheta ng Social Security ng anak mo sa ligtas na lugar. Ito ay napaka-mahalagang kasulatan. Huwag na basta dala-dalahin ito.

## Ang hindi tamang pag-gamit ng numero ng Social Security

Kung sa palagay mo ay may nagaganap na pandaraya dahil sa pag-gamit ng numero ng Social Security ng iyong anak, ka-kailanganin mong mag-hain ng reklamo sa Federal Trade Commission (Kalakalang Kaparte ng Federal) sa pamamagitan ng:

- Internet—***www.idtheft.gov***;
- Telepono—**1-877-IDTHEFT (1-877-438-4338)**; o TTY—**1-866-653-4261**

Ipinag-babawal ng batas ang:

- Lubusang labag na gumamit ng numero ng Social Security ng ibang tao;

- Mag-kaloob ng huwad na kaalaman kapag ikaw ay nag-a-apply para sa numero; o
- Baguhin, bumili o magbenta ng mga tarheta ng Social Security.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10023-TL
Social Security Numbers For Children (Tagalog)
September 2012